

2023

Taunang Abiso ng Mga Pagbabago

**Molina Medicare Complete Care Plus (HMO
D-SNP) isang Medicare Medi-Cal Plan**

California CA H5810-016

Pinaglilingkuran ang sumusunod na mga county: Los Angeles, Riverside (ilang parte lamang), San Bernardino (ilang parte lamang) at San Diego

Epektibo mula Enero 1 hanggang Disyembre 31, 2023



Mababago ang inyong Cal MediConnect plan Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan. Ipapatala kayo kayo sa parehong Medicare at Medi-Cal plan, ang Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP), na ibinibigay ng parehong kumpanyang nagbibigay ng inyong Cal MediConnect plan. Ang mga planong ito ay magkasamang tatawaging (Mga Medicare Medi-Cal Plan (Mga MMP o Medi-Medi plan) at idinisenyo ito para ikoordina ang pangangalaga para sa mga taong parehong may Medicare at Medi-Cal. Pareho pa rin ang mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan na makukuha ninyo.

Patuloy kayong makakakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Cal MediConnect hanggang Disyembre 31, 2022. Sa Enero 1, 2023, awtomatiko kayong magsisimulang makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Mga Medicare Medi-Cal Plan (mga MMP or Medi-Medi plan). Kung nasa isa kayong Cal MediConnect na plano sa kasalukuyan, wala kayong anumang dapat gawin para mag-enroll at mapanatili ang mga kasalukuyan ninyong benepisyo.

Makakatulong sa inyo ang Mga Medicare Medi-Cal Plan (mga MMP o Medi-Medi plan) sa lahat ng inyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at patuloy nitong ikokoordina ang inyong mga benepisyo at pangangalaga. Kabilang dito ang mga serbisyong medikal at nakabase sa bahay at komunidad. Kabilang din dito ang mga medikal na supply at medikasyon. Kasama sa magiging plano ang mga doktor ninyo sa kasalukuyan o tutulungan kayo ng plano na maghanap ng bagong doktor na gusto ninyo. Magsisimula kayong makakuha ng mga sulat tungkol sa pagbabagong ito sa Oktubre 2022. Magpapadala kami sa inyo ng mga integrated na materyal ng miyembro, gaya ng isang integrated na ID Card ng Miyembro at Handbook ng Miyembro.

Wala kayong dapat gawin sa taglagas na ito para patuloy na makuha ang inyong pangangalagang pangkalusugan mula sa plano na mayroon na kayo sa ngayon. Kung may mga tanong kayo tungkol sa inyong saklaw sa 2022, makipag-ugnayan sa kasalukuyan ninyong Cal MediConnect na plano.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) isang Medicare Medi-Cal Plan na inaalok ng Molina Healthcare ng California

Taunang Abiso ng Mga Pagbabago para sa 2023

Panimula

Kasalukuyan kayong naka-enroll bilang miyembro ng aming plano. Sa susunod na taon, magkakaroon ng ilang pagbabago sa aming mga benepisyo, saklaw, panuntunan, at gastos. Nakasaad sa Taunang Abiso ng Mga Pagbabago na ito ang tungkol sa mga pagbabago at kung saan makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga ito. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga gastos, benepisyo, o mga panuntunan mangyaring suriin ang Handbook ng Miyembro, na matatagpuan sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Ang mga pangunahing termino at ang mga kahulugan ng mga ito ay makikita sa alpabetikong pagkakasunud-sunod sa huling kabanata ng inyong Handbook ng Miyembro.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Talaan ng Nilalaman

A. Mga Disclaimer	3
B. Pagsusuri sa inyong saklaw sa Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon	3
B1. Mga karagdagang mapagkukunan	4
B2. Impormasyon tungkol sa aming plano	5
B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin	6
C. Mga pagbabago sa pangalan ng aming plano	7
D. Mga pagbabago sa aming mga nasa network na provider at parmasya	7
E. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa susunod na taon	8
E1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastusin para sa mga medikal na serbisyo	8
E2. Mga pagbabago sa saklaw sa inireresetang gamot	14
E3. Yugto 1: “Yugto ng Inisyal na Saklaw”	15
E4. Yugto 2: “Yugto ng Gap sa Saklaw”	17
E5. Yugto 3: “Yugto ng Catastrophic na Saklaw”	17
F. Pagpili ng plano	17
F1. Pananatili sa aming plano	17
F2. Pagpapalit ng plano	18
G. Paghingi ng tulong	21
G1. Aming plano	21
G2. Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP)	21
G3. Ombuds Program	22
G4. Medicare	22
G5. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California	22



A. Mga Disclaimer

- Ang Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) ay isang Planong Pangkalusugan na may Kontrata sa Medicare at kontrata sa programa ng Medicaid ng estado. Ang pagpapatala sa Molina Medicare Complete Care ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.
- Maaaring magbago ang Listahan ng mga Saklaw na Gamot at/o parmasya at mga network ng tagapagbigay ng serbisyo sa kabuuan ng taon. Magpapadala kami sa inyo ng abiso bago kami gumawa ng pagbabagong makakaapekto sa inyo.
- Ang Molina Healthcare ay sumusunod sa naaangkop na mga batas ng Pederal sa mga Karapatang Sibil at hindi nagtatangi batay sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, katayuan ng kalusugan, pagtanggap ng pangangalagang pangkalusugan, mga karanasan sa paghahabol, medikal na kasaysayan, impormasyong henetiko, katibayan ng kakayanang maiseguro, heograpikong lokasyon.

B. Pagsusuri sa inyong saklaw sa Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon

Kapag binanggit ng *Taunang Abiso ng Mga Pagbabago* na ito ang “kami,” “namin,” “amin,” o “aming plano,” nangangahulugan ito na Medicare Medi-Cal Coordination Plan.

Mahalagang suriin ang inyong saklaw upang matiyak na matutugunan pa rin nito ang inyong mga pangangailangan sa susunod na taon. Kung hindi nito natutugunan ang inyong mga pangangailangan, puwede kayong umalis sa aming plano. Sumangguni sa seksyon E2 para sa higit pang impormasyon.

Kung pipiliin ninyong umalis sa aming plano, matatapos ang inyong pagiging miyembro sa huling araw ng buwan kung kailan ninyo inihain ang inyong kahilingan.

Mananatili pa rin kayo sa mga programa ng Medicare at Medi-Cal hangga't nananatili kayong karapat-dapat.

Kung aalis kayo sa aming plano, makakakuha kayo ng impormasyon tungkol sa inyong:

- Mga opsyon sa Medicare sa talahanayan sa **Seksyon F2**
- Mga serbisyo ng Medi-Cal sa **Seksyon F2**



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

B1. Mga karagdagang mapagkukunan

- **ATTENTION:** If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call (855) 665-4627, TTY: 711, 7 days a week, 8 a.m. to 8 p.m., local time. The call is free.
- **ATENCIÓN:** Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al (855) 665-4627 (TTY: 711), los 7 días de la semana, de 8 a. m. a 8 p. m., hora local. La llamada es gratuita.
- **CHÚ Ý:** Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số (855) 665-4627, TTY: 711, 7 ngày 1 tuần, từ 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, theo giờ địa phương. Cuộc gọi là miễn phí.
- **PAUNAWA:** Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa (855) 665-4627 (TTY: 711), 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.

• ملحوظة: إذا كنت تتحدث اللغة العربية، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان، اتصل برقم 665-4627 (رقم هاتف الصم والبكم: 711)، على مدى 7 أيام في الأسبوع، من الساعة 8 صباحاً وحتى الساعة 8 مساءً، بالتوقيت المحلي. إن هذا الاتصال مجاني.

- 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電(855)665-4627 (TTY：711)，全年無休，上午8 a.m. 至晚上8 p.m. (當地時間)。此為免付費電話。
- 참고: 영어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 매일 현지 시간 오전 8시~오후 8시 사이에 (855) 665-4627 (TTY: 711) 번으로 전화해 주십시오. 무료 전화입니다.
- **ВНИМАНИЕ:** Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните (855) 665-4627, телетайп: 711, без выходных, с 8 a.m. до 8 p.m. по местному времени. Звонок бесплатный.

• توجه: اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، تسهیلات زبانی، به صورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با (855) 665-4627، TTY: 711، 7 روز هفته، 8 صبح تا 8 بعد از ظهر، به وقت محلی تماس بگیرید. تماس رایگان است.

- ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Զանգահարե՛ք (855) 665-4627, TTY (հեռատիպ)՝ 711, շաբաթը 7 օր, 8 a.m. - 8 p.m.՝ տեղական ժամանակով: Զանգն անվճար է:

- **ប្រយ័ត្ន៖** ប្រសិនបើអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សំដៅជំនួយផ្នែកភាសាជាមិនគិតថ្លៃមានសម្រាប់អ្នក។ ចូរទូរស័ព្ទទៅកាន់លេខ (855) 665-4627, TTY: 711 រាល់ 7 ថ្ងៃក្នុងមួយសប្តាហ៍ ពីម៉ោង 8 ព្រឹកដល់ម៉ោង 8 យប់ ម៉ោងនៅក្នុងតំបន់។ ការហៅទូរស័ព្ទមកលេខនេះគឺមិនគិតថ្លៃ។

- Makukuha ninyo ang *Abiso ng Mga Taunang Pagbabago* na ito nang libre sa iba pang mga format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

- Maaari ninyong hilingin na ipadala namin palagi sa inyo ang impormasyon na nasa wika o format na kailangan ninyo. Tinatawag itong palagiang kahilingan. Susubaybayan namin ang inyong palagiang kahilingan, para hindi na ninyo kailanganing gumawa ng mga hiwalay na kahilingan sa bawat pagkakataong may ipapadala kaming impormasyon sa inyo.
- Upang makuha ang dokumentong ito sa wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Estado sa (800) 541-5555, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 5 p.m., lokal na oras upang i-update ang inyong record gamit ang gustong wika. Upang makuha ang dokumentong ito sa ibang format, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Matutulungan kayo ng isang kinatawang gawin o baguhin ang palagiang kahilingan. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa inyong Tagapamahala ng Kaso para sa tulong sa mga palagiang kahilingan.

B2. Impormasyon tungkol sa aming plano

- Ang Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga miyembro.
- Ang saklaw sa ilalim ng Molina Medicare Complete Care Plus ay kwalipikadong saklaw ng kalusugan na tinatawag na "minimum essential coverage." Natutugunan nito ang kinakailangan ng indibidwal na magkakabahaging responsibilidad ng Patient Protection and Affordable Care Act (ACA). Bisitahin ang website ng Internal Revenue Service (IRS) sa www.irs.gov/Affordable-Care-Act/Individuals-and-Families para sa higit pang impormasyon tungkol sa iniaatas na responsibilidad sa bawat indibidwal.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

B3. Mga mahahalagang bagay na dapat gawin

- **Tingnan kung may anumang pagbabago sa aming mga benepisyo na maaaring makaapekto sa inyo.**
 - Mayroon bang anumang pagbabago na nakakaapekto sa mga serbisyong ginagamit ninyo?
 - Suriin ang mga pagbabago sa benepisyo para matiyak na angkop sa inyo ang mga ito sa susunod na taon.
 - Sumangguni sa **Seksyon F1** para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago para sa aming plano.
- **Tingnan kung may anumang pagbabago sa aming inireresetang gamot na maaaring makaapekto sa inyo.**
 - Masasaklaw ba ang inyong mga gamot? Nasa magkakaibang cost-sharing (5) tier ba ito? Puwede ba ninyong gamitin ang parehong mga parmacya?
 - Basahin ang mga pagbabago para matiyak na magiging angkop sa inyo ang aming saklaw sa gamot sa susunod na taon.
 - Sumangguni sa **Seksyon F2** para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming saklaw sa gamot.
 - Maaaring tumaas ang inyong mga gastos sa gamot mula noong nakaraang taon.

Kausapin ang inyong doktor tungkol sa mga mas murang alternatibong gamot na maaari ninyong magamit; maaari kayong makatipid rito sa mga taunang gastos mula sa sariling bulsa para sa buong taon.

 - Tandaang eksaktong tutukuyin ng inyong mga benepisyo sa plano kung hanggang magkano maaaring magbago ang inyong mga sariling gastos sa gamot.
- **Tingnan kung nasa aming network ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo at parmacya sa susunod na taon.**
 - Nasa network ba namin ang inyong mga doktor, kabilang ang inyong mga espesyalista? Ang inyong parmacya? Ang mga ospital o iba pang tagapagbigay ng serbisyong ginagamit ninyo?
 - Sumangguni sa **Seksyon D** para sa impormasyon tungkol sa aming *Direktoryo ng Provider at Parmacya*.
- **Isipin ang inyong kabuuang gastusin sa plano.**
 - Magkano ang inyong out-of-pocket na gagastusin para sa mga serbisyo at de-resetang gamot na ginagamit ninyo nang regular?
 - Gaano kalaki ang kaibahan ng kabuuang mga gastos sa iba pang mga opsyon sa saklaw?
- **Pag-isipan kung nasisiyahan kayo sa aming plano.**



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Kung mapagpasyahan ninyong manatili sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP)

Kung gusto ninyong manatili sa amin sa susunod na taon, madali lang – wala kayong kailangang gawin. Kung wala kayong isasagawang pagbabago, awtomatiko kayong mananatiling nakatala sa Molina Medicare Complete Care Plus.

Kung mapagpasyahan ninyong magbago ng mga plano:

Kung mapagpasyahan ninyong mas matutugunan ng ibang saklaw ang inyong mga pangangailangan, maaari kayong lumipat ng plano (sumangguni sa **Seksyon F2** para sa higit pang impormasyon). Kung mag-e-enroll kayo sa isang panibagong plano o kung lilipat kayo sa Original Medicare, magsisimula ang inyong bagong saklaw sa unang araw ng susunod na buwan.

C. Mga pagbabago sa pangalan ng aming plano

Sa Enero 1, 2023, magbabago ang pangalan ng aming plano mula sa Molina Dual Options Cal Medi-Connect Plan Medicare-Medicaid Plan at gagawin itong Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) isang Medicare Medi-Cal Plan.

Sa ilalim ng aming plano, mayroong kang isang card para sa iyong mga Medicare at Medi-cal na serbisyo. Dapat mong gamitin ang iyong membership card kapag kumukuha ng anumang serbisyo na sinasaklaw ng planong ito at para sa mga de-resetang gamot na nakukuha mo sa mga parmasya na nasa network.

D. Mga pagbabago sa aming mga nasa network na provider at parmasya

Wala kaming ginawang anumang pagbabago sa aming network ng mga provider at parmasya para sa susunod na taon.

Gayunpaman, mahalagang alam ninyo na puwede kaming magsagawa ng mga pagbabago sa aming network sa buong taon. Kung aalis ang inyong provider sa aming plano, may ilang partikular kayong karapatan at proteksyon. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa **Kabanata 3** ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

Lubos namin kayong hinihikayat na **suriin ang aming kasalukuyang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya** upang malaman kung bahagi pa rin ba ng aming network ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo at parmasya. May makikitang updated na *Direktoryo ng Provider at Parmasya* sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Puwede rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para sa na-update na impormasyon ng provider o para hilingin sa amin na padalhan kayo ng *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Mahalagang alam ninyong nagsasagawa rin kami ng mga pagbabago sa aming network sa buong taon. Kung aalis ang inyong provider sa aming plano, may ilang partikular kayong karapatan at proteksyon. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa **Kabanata 3** ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

E. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa susunod na taon

E1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastusin para sa mga medikal na serbisyo

Binabago namin ang saklaw para sa ilang mga medikal na serbisyo at kung ano ang babayaran mo para sa mga saklaw na medikal na serbisyong ito sa susunod na taon. Inilalarawan ng talahanayan sa ibaba ang mga pagbabagong ito.

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
Mga Karagdagang Serbisyo sa Pagtigil sa Paninigarilyo at Paggamit ng Tabako	Saklaw ng plano ang 8 karagdagang serbisyo sa pagpapayo kada taon ng kalendaryo bukod pa sa saklaw na iniaalok ng Medicare.	Hindi na saklaw ang Mga Karagdagang Serbisyo sa Pagtigil sa Paninigarilyo at Paggamit ng Tabako.
Mga karagdagang Telehealth na serbisyo	Hindi saklaw ang mga karagdagang Telehealth na serbisyo.	Saklaw ang mga karagdagang Telehealth na serbisyo.
American Logistics	Ang inyong mga serbisyo sa transportasyon ay ibinigay ng American Logistics.	Ang American Logistics ay hindi na vendor para sa 2023. Maaari na ninyong gamitin ang inyong prepaid MyChoice card upang bayaran ang inyong mga serbisyo sa transportasyon mula sa anumang kalahok na provider ng transportasyon.
Taunang Pisikal na Eksaminasyon	Hindi saklaw ang Taunang Pisikal na Eksaminasyon.	Saklaw ang Taunang Pisikal na Eksaminasyon.
Mga Serbisyo para sa Ngipin	Hindi saklaw ang mga Karagdagang Serbisyo sa Pang-agap at Kumprehensibong Pangangalaga ng Ngipin.	Saklaw ang mga Karagdagang Serbisyo sa Pang-agap at Kumprehensibong Pangangalaga ng Ngipin. Mayroon kayong \$4,000 allowance kada tao para sa mga serbisyo sa pang-agap at kumprehensibong pangangalaga



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO
PARA SA 2023

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
		ng ngipin na pinagsama-sama. Makakatanggap kayo ng prepaid debit na MyChoice card na maaaring gamitin para sa inyong mga benepisyo ng karagdagang plano. Hindi saklaw ng plano ang mga cosmetic na serbisyo, at hindi ninyo magagamit ang inyong MyChoice card para bayaran ito. Dapat gamitin ang allowance para sa mga serbisyong hindi pa saklaw ng Original Medicare o Medicaid.
Benepisyo sa Fitness	Hindi saklaw ang Benepisyo sa Fitness.	Saklaw ang Benepisyo sa Fitness.
Pagkain at Produkto	Hindi saklaw ang allowance para sa Pagkain at Produkto.	Maaaring saklawin ang allowance para sa Pagkain at Produkto. Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Para matuto pa, sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> .
Mga Serbisyo sa Pandinig	Saklaw kayo para sa 1 pagsusuri sa pandinig bawat taon, at pagsusukat/ebalwasyon ng mga hearing aid nang 1 beses bawat 2 taon sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Kung sasabihan kayo na kailangan ninyo ng mga hearing aid, mayroon kayong allowance para sa hearing aid na \$1510 bawat taon para sa parehong tainga na pinagsama sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid).	Saklaw kayo para sa 1 pagsusuri sa pandinig bawat taon, at pagsusukat/ebalwasyon ng mga hearing aid nang 1 beses bawat 2 taon sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Saklaw ng aming plano ang karagdagang pagsusukat/ebalwasyon para sa mga hearing aid nang 1 beses bawat taon. Kung sasabihan kayo na kailangan ninyo ng mga hearing aid, mayroon kayong allowance para sa hearing aid na \$1510



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO
PARA SA 2023

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
		bawat taon para sa parehong tainga na pinagsama sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Saklaw ng aming plano ang karagdagang 2 paunang piniling hearing aid mula sa isang provider na aprubado ng plano.
In-Home Support	Hindi saklaw ang In-Home Support.	Saklaw ang In-Home Support.
March Vision	Ang inyong mga benepisyo sa paningin ay ibinigay ng March Vision.	Ang March Vision ay hindi na vendor para sa 2023. Maaari na ninyong gamitin ang inyong prepaid MyChoice card upang bayaran ang inyong mga benepisyo sa paningin mula sa anumang provider ng pangangalaga ng paningin.
Maximum na Out-of-Pocket (MOOP) ng Enrollee	Walang Maximum na Out-of-Pocket (MOOP) ng Enrollee na gastos	Ang Maximum na Out-of-Pocket ng Enrollee (MOOP) ay mula \$0 hanggang \$8300 . Walang pagbabahagi ng gastos para sa mga serbisyong medikal sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP), kaya ang inyong taunang gastos mula sa bulsa ay magiging \$0 .
Allowance para sa Mga Aplikasyon para sa Kalusugan ng Isip at Wellness	Hindi saklaw ang allowance para sa Mga Aplikasyon para sa Kalusugan ng Isip at Wellness.	Maaaring saklawin ang allowance para sa Mga Aplikasyon para sa Kalusugan ng Isip at Wellness. Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Para matuto pa, sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> .



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO
PARA SA 2023

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
Genetic Testing Kit na Hindi Saklaw ng Medicare	Hindi saklaw ang Genetic Testing Kit na Hindi Saklaw ng Medicare.	Maaaring saklawin ang Genetic Testing Kit na Hindi Saklaw ng Medicare. Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Para matuto pa, sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> .
Benepisyo sa Nutrisyonal/Dietary	Walang limitasyon ang mga indibidwal na Nutrisyonal/Dietary na session sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid).	Walang limitasyon ang mga indibidwal na Nutrisyonal/Dietary na session sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Saklaw ng aming plano ang karagdagang 12 panggrupo/pang-indibidwal na telephonic session.
Mga gamot na mabibili nang walang reseta (Over-the-counter o OTC)	Magkakaroon kayo ng \$60 na allowance bawat quarter para magastos sa mga OTC na item, produkto, at gamot na aprubado ng plano.	Magkakaroon kayo ng \$400 na allowance bawat quarter para magastos sa mga OTC na item, produkto, at gamot na aprubado ng plano. Makakatanggap kayo ng prepaid debit na MyChoice card na maaaring gamitin para sa inyong mga benepisyo ng karagdagang plano.
Personal Emergency Response System Plus (PERSPlus)	Hindi saklaw ang Personal Emergency Response System Plus (PERSPlus).	Saklaw ang Personal Emergency Response System Plus (PERSPlus).
Pagkontrol sa Peste	Hindi saklaw ang Pagkontrol sa Peste.	Maaaring saklawin ang Pagkontrol sa Peste. Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Para matuto pa, sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> .



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO PARA SA 2023

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
Mga Karagdagang serbisyo sa podiatry	Hindi saklaw ang mga Karagdagang serbisyo sa podiatry.	Saklaw ang mga Karagdagang serbisyo sa podiatry, 12 pagbisita bawat taon.
Allowance para sa Mga Supply para sa Service Animal	Hindi saklaw ang allowance para sa Mga Supply para sa Service Animal.	Maaaring saklawin ang allowance para sa Mga Supply para sa Service Animal. Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Para matuto pa, sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> .
Mga Espesyal na Suplementong Benepisyo para sa Mga Malalang Sakit	Hindi saklaw ang Mga Espesyal na Suplementong Benepisyo para sa Mga Malalang Sakit.	Maaaring saklawin ang Mga Espesyal na Suplementong Benepisyo para sa Mga Malalang Sakit. Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Para matuto pa, sumangguni sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> .
Step Therapy	Hindi kailangan ang Step Therapy.	Maaaring iatas ang Step Therapy para sa ilang mga gamot.
Mga Serbisyo ng Transportasyon	Walang limitasyon ang mga serbisyo sa transportasyon sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid).	Walang limitasyon ang mga serbisyo sa transportasyon sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Saklaw ng aming plano ang karagdagang \$200 na allowance bawat tatlong buwan para sa transportasyon. Makakatanggap kayo ng prepaid debit na MyChoice card na maaaring gamitin para sa inyong mga benepisyo ng karagdagang plano.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO
PARA SA 2023

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
Mga Serbisyo sa Paningin	Saklaw kayo para sa 1 karaniwang pagsusuri sa mata (at refraction) para sa mga salamin sa mata kada taon ng kalendaryo sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Mayroon kayong allowance na \$100 para sa mga salamin sa mata (mga frame at lens) o hanggang \$100 para sa mga contact lens bawat 2 taon ng kalendaryo sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid).	Saklaw kayo para sa 1 karaniwang pagsusuri sa mata (at refraction) para sa mga salamin sa mata kada taon ng kalendaryo sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Mayroon kayong allowance na \$100 para sa mga salamin sa mata (mga frame at lens) o hanggang \$100 para sa mga contact lens bawat 2 taon ng kalendaryo sa ilalim ng inyong benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid). Nagbibigay ang aming plano ng dagdag na \$500 na allowance bawat taon para sa mga karaniwang pagsusuri sa mata at eyewear na pinagsama. Makakatanggap kayo ng prepaid debit na MyChoice card na maaaring gamitin para sa inyong mga benepisyo ng karagdagang plano. Hindi saklaw ng plano ang mga cosmetic na serbisyo, at hindi ninyo magagamit ang inyong MyChoice card para bayaran ito. Dapat gamitin ang allowance para sa mga serbisyong hindi pa saklaw ng Original Medicare o Medicaid.
Saklaw sa Pandaigdigang Emergency	Hindi saklaw ang Saklaw sa Pandaigdigang Emergency.	Saklaw ang Saklaw sa Pandaigdigang Emergency. Saklaw kayo para sa mga pandaigdigang serbisyo sa emergency at agarang pangangalaga hanggang \$10,000 bawat taon ng kalendaryo.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

E2. Mga pagbabago sa saklaw sa inireresetang gamot

Mga Pagbabago sa aming Listahan ng Gamot

Makikita ang isang updated na *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Puwede rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para sa updated na impormasyon ng gamot o para hilingin sa amin na padalhan kayo ng *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot*.

Ang *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* ay tinatawag ding “Listahan ng Gamot.”

Nagsagawa kami ng mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot, kasama ang mga pagbabago sa mga sinasaklaw naming gamot at mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot.

Suriin ang Listahan ng Gamot **upang matiyak na sasaklawin ang inyong mga gamot sa susunod na taon**, at upang malaman kung magkakaroon ng anumang mga paghihigpit.

Kung maaapektuhan kayo ng isang pagbabago sa saklaw na gamot, hinihikayat namin kayong:

- Makipagtulungan sa inyong doktor (o sa iba pang tagapagreseta) upang makahanap ng ibang gamot na sinasaklaw namin.
 - Puwede kayong tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina o makipag-ugnayan sa inyong Tagapamahala ng Kaso para humingi ng listahan ng mga saklaw na gamot na nagbibigay ng lunas sa parehong kondisyon.
 - Maaaring makatulong ang listahan na ito sa inyong tagapagbigay ng serbisyo na makahanap ng saklaw na gamot na maaaring makatulong sa inyo.
- Makipagtulungan sa inyong doktor (o sa iba pang tagapagreseta) at hilingin sa amin na gumawa ng isang eksepsyon para masaklaw ang gamot.
 - Puwede kayong humiling ng eksepsyon bago sumapit ang susunod na taon at magbibigay kami sa inyo ng sagot sa loob ng 72 oras matapos naming matanggap ang inyong kahilingan (o ang pahayag ng suporta ng inyong tagapagreseta).
 - Para malaman kung ano ang dapat ninyong gawin para humiling ng eksepsyon, sumangguni sa **Kabanata 9** ng inyong *Handbook ng Member* o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina.
 - Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng eksepsyon, makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro o sa inyong Tagapangasiwa ng Kaso. Sumangguni sa Kabanata 2 at 3 ng inyong *Handbook ng Miyembro* para malaman ang higit pa tungkol sa kung paano makikipag-ugnayan sa inyong Tagapamahala ng Kaso.

Hilingin sa amin na sumaklaw ng pansamantalang supply ng gamot.

Sa ilang sitwasyon, sumasaklaw kami ng **pansamantalang** supply ng gamot sa loob ng unang (90) araw ng taon ng kalendaryo.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO PARA SA 2023

Ang pansamantalang supply na ito ay para sa hanggang (31) araw sa isang buwan. (Para malaman ang higit pa tungkol sa kung kailan kayo puwedeng makakuha ng pansamantalang supply at kung paano hihingi nito, sumangguni sa **Kabanata 5** ng iyong *Handbook ng Miyembro*.)

Kapag nakakuha kayo ng pansamantalang supply ng gamot, makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa kung ano ang dapat gawin kapag naubos na ang pansamantala ninyong supply. Puwede kayong gumamit ng ibang gamot na saklaw ng aming plano, o humiling sa amin na magbigay ng eksepsyon para sa inyo at saklawin ang kasalukuyan ninyong gamot.

Mga pagbabago sa mga halaga ng inireresetang gamot

May tatlong yugto ng pagbabayad para sa inyong Medicare Part D na saklaw sa inireresetang gamot sa ilalim ng aming plano. Ang laki ng babayaran ninyo ay nakadepende sa kung nasaang yugto kayo noong kumuha o nagpa-refill kayo ng reseta. Narito ang tatlong yugto:

Yugto 1 Yugto ng Inisyal na Saklaw	Yugto 2 Yugto ng Gap sa Saklaw	Yugto 3 Yugto ng Catastrophic na Saklaw
Sa yugtong ito, babayaran ng aming plano ang isang bahagi ng mga gastos sa inyong mga gamot, at babayaran ninyo ang inyong bahagi. Copay ang tawag sa inyong bahagi. Magsisimula kayo sa yugtong ito kapag nakuha ninyo ang una ninyong reseta para sa taon.	Sa yugtong ito, kayo ang magbabayad ng inyong mga gamot. Magsisimula kayo sa yugtong ito kapag nakapagbayad na kayo ng isang partikular na halaga ng mga gastos mula sa sariling bulsa.	Sa yugtong ito, ang plano ang magbabayad sa lahat ng gastos sa inyong mga gamot hanggang Disyembre 31, 2023. Magsisimula kayo sa yugtong ito kapag nakapagbayad na kayo ng isang partikular na halaga ng mga gastos mula sa sariling bulsa.

Magtatapos ang Yugto ng Inisyal na Saklaw kapag umabot sa **\$4,660** ang inyong mga gastos mula sa sariling bulsa. Sa puntong ito magsisimula ang Yugto ng Gap sa Saklaw. Kapag nakagastos na kayo ng kabuuang **\$7,400** sa mga gastos mula sa sariling bulsa sa loob ng taon ng kalendaryo, lilipat kayo mula sa Yugto ng Gap sa Saklaw patungong Yugto ng Catastrophic na Saklaw. Sasaklawin na ng plano ang lahat ng inyong gastos sa gamot simula rito hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa kung magkano ang babayaran ninyo para sa inyong mga inireresetang gamot.

E3. Yugto 1: “Yugto ng Inisyal na Saklaw”

Sa Yugto ng Inisyal na Saklaw, babayaran ng aming plano ang isang bahagi ng gastos sa inyong mga saklaw na inireresetang gamot, at babayaran ninyo ang inyong bahagi. Copay ang tawag sa inyong bahagi. Nakadepende ang copay kung saang tier ng bahaginan ng gastos nabibilang ang gamot, at kung saan ninyo ito kukunin. Magbabayad kayo ng copay sa tuwing kukuha kayo ng inireresetang gamot. Kung ang presyo ng inyong saklaw na gamot ay mas mababa kaysa sa copay, babayaran ninyo ang mas mababang halaga.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO PARA SA 2023

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang inyong mga gastusin para sa mga gamot sa bawat isa sa aming limang (5) tier ng gamot. Nalalapat **lang** ang mga halagang ito kapag kayo ay nasa Yugto ng Inisyal na Saklaw.

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
Mga Gamot sa Baitang 1 (Mga Preferred na Generic na gamot) Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Baitang 1 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0 na copay kada reseta.	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0 na copay kada reseta.
Mga Gamot sa Tier 2 (Mga generic na gamot) Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 2 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0 na copay kada reseta.	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0, \$1.45, o \$4.15 na copay kada reseta. \$0, \$4.30, o \$10.35 na copay para sa lahat ng iba pang gamot bawat reseta.
Mga Gamot sa Tier 3 (Mga Preferred na Branded na gamot) Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 3 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0 na copay kada reseta.	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0, \$1.45, o \$4.15 na copay kada reseta. \$0, \$4.30, o \$10.35 na copay para sa lahat ng iba pang gamot bawat reseta.
Mga Gamot sa Tier 4 (Mga Non-Preferred na gamot) Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 4 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0 na copay kada reseta.	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0, \$1.45, o \$4.15 na copay kada reseta. \$0, \$4.30, o \$10.35 na copay para sa lahat ng iba pang gamot bawat reseta.
Mga Gamot sa Tier 5 (Specialty na gamot)	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay \$0 na copay kada reseta.	Ang inyong copay para sa isang buwan (31 araw) na supply ay



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO PARA SA 2023

	2022 (sa taong ito)	2023 (sa susunod na taon)
Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 5 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network		\$0, \$1.45, o \$4.15 na copay kada reseta. \$0, \$4.30, o \$10.35 na copay para sa lahat ng iba pang gamot bawat reseta.

Magtatapos ang Yugto ng Inisyal na Saklaw kapag umabot sa **\$4,660** ang inyong kabuuang gastos mula sa sariling bulsa. Sa puntong ito magsisimula ang Yugto ng Gap sa Saklaw. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa kung magkano ang babayaran ninyo para sa inyong mga inireresetang gamot.

E4. Yugto 2: “Yugto ng Gap sa Saklaw”

Sa yugtong ito, kayo ang magbabayad ng inyong mga gamot. Kapag nakagastos na kayo ng kabuuang **\$7,400** sa mga gastos mula sa sariling bulsa sa loob ng taon ng kalendaryo, lilipat kayo mula sa Yugto ng Gap sa Saklaw patungong Yugto ng Catastrophic na Saklaw. Sasaklawin na ng plano ang lahat ng inyong gastos sa gamot simula rito hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa kung magkano ang babayaran ninyo para sa mga inireresetang gamot.

E5. Yugto 3: “Yugto ng Catastrophic na Saklaw”

Kapag naabot na ninyo ang limitasyon ng gastos mula sa sariling bulsa na **\$7,400** para sa inyong mga inireresetang gamot, magsisimula na ang Yugto ng Catastrophic na Saklaw. Mananatili kayo sa Yugto ng Catastrophic na Saklaw hanggang sa katapusan ng taon ng kalendaryo. Sa yugtong ito, ang plano ang magbabayad sa lahat ng gastos sa inyong mga gamot hanggang Disyembre 31, 2023.

Mahalagang Mensahe Tungkol sa Binabayaran Ninyo para sa Mga Bakuna

Saklaw ng aming plano ang karamihan sa mga bakuna sa Part D nang wala kayong gagastusin. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa karagdagang impormasyon.

F. Pagpili ng plano

F1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kami na mananatili kayong miyembro ng aming plano.

Wala kayong dapat gawing anuman para manatili sa plano. Kung **hindi** kayo lilipat sa ibang Medicare na plano o kung hindi kayo lilipat sa Original Medicare, awtomatiko kayong mananatiling naka-enroll bilang miyembro ng aming plano para sa 2023.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

F2. Pagpapalit ng plano

Tinatapos ng karamihan sa mga taong may Medicare ang kanilang membership sa ilang partikular na panahon ng taon. Dahil mayroon kayong Medi-Cal, maaari ninyong tapusin ang inyong membership sa aming plano o maaari kayong lumipat ng ibang plano nang isang beses sa bawat isa sa mga sumusunod na **Espesyal na Panahon ng Enrollment**:

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

Bukod pa sa tatlong Espesyal na Panahon ng Pagpapatala na ito, puwede ninyong tapusin ang inyong membership sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

- Ang **Taunang Panahon ng Pagpapatala**, na tumatagal mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili kayo ng bagong plano sa panahong ito, magwawakas ang inyong membership sa amin sa Disyembre 31 at magsisimula ang membership ninyo sa bagong plano sa Enero 1.
- Ang **Bukas na Panahon ng Pagpapatala sa Medicare Advantage**, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili kayo ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang membership ninyo sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.

Puwedeng may iba pang sitwasyon kung saan kuwalipikado kayong magsagawa ng pagbabago sa inyong pagpapatala. Halimbawa

- Kung aalis kayo sa aming pinagseserbisyuhang lugar
- Nabago na ang pagiging kuwalipikado ninyo sa Medi-Cal o Extra Help, o
- Kakalipat lang ninyo, kasalukuyan kayong nakakatanggap ng pangangalaga sa, o kakalabas lang ninyo mula sa, isang nursing home o long-term care hospital.

Ang inyong mga serbisyo sa Medicare

Mayroon kayong tatlong pagpipilian para sa pagkuha ng inyong mga serbisyo sa Medicare. Sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyong ito, awtomatiko ninyong tinatapos ang inyong membership sa aming plano.

1. Puwede kayong lumipat sa: Ibang planong pangkalusugan ng Medicare	Ganito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048 Para sa mga tanong hinggil sa PACE, tumawag sa 1-855-921-PACE (7223). Kung kailangan ninyo ng tulong o karagdagang impormasyon:
---	--



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

	Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. Awtomatiko kang maaalis sa pagkakatala sa aming Medicare plan kapag nagsimula na ang saklaw ng iyong bagong plano. Maaaring magbago ng inyong Medi-Cal na plano.
2. Puwede kayong lumipat sa: Original Medicare na may hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare	Ganito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan ninyo ng tulong o karagdagang impormasyon: Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. O Mag-enroll sa isang bagong plano sa inireresetang gamot ng Medicare. Awtomatiko kayong idi-disenroll sa aming plano kapag nagsimula na ang pagsaklaw ng inyong Original Medicare. Hindi mababago ang inyong Medi-Cal na plano.
3. Puwede kayong lumipat sa: Original Medicare na walang kasamang hiwalay na plano sa inireresetang gamot sa Medicare	Ganito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO PARA SA 2023

TANDAAN: Kung lilipat kayo sa Original Medicare at hindi kayo mag-e-enroll sa isang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare, puwede kayong i-enroll ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban kung magsasabi kayo sa Medicare na ayaw ninyong sumali. Dapat lang ninyong alisin ang saklaw sa inireresetang gamot kung mayroon kayong saklaw sa gamot mula sa iba pang mapagkukunan, gaya ng employer, o unyon. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkakaroon ng saklaw sa gamot, tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/.	Kung kailangan ninyo ng tulong o karagdagang impormasyon: • Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. Awtomatiko kayong idi-disenroll sa aming plano kapag nagsimula na ang pagsaklaw ng inyong Original Medicare. Hindi mababago ang inyong Medi-Cal na plano.
---	--

Ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano makukuha ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal pagkatapos ninyong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Dapat tumawag ang mga user ng TTY sa 1-800-430-7077.

Magtanong sa kung paano makakaapekto sa pagkuha ninyo ng inyong saklaw sa Medi-Cal ang pagsali sa ibang plano o pagbabalik sa Original Medicare.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

G. Paghingi ng tulong

G1. Aming plano

Narito kami para tumulong kung mayroon kayong anumang tanong. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina sa mga nakalistang araw at oras na bukas. Toll-free ang mga tawag na ito.

Basahin ang inyong *2023 Handbook ng Miyembro*

Ang inyong *Handbook ng Miyembro* ay isang legal at detalyadong paglalarawan ng mga benepisyo ng aming plano. May mga detalye ito tungkol sa mga benepisyo para sa 2023. Ipinapaliwanag nito ang inyong mga karapatan at ang mga patakarang dapat sundin para makuha ang mga serbisyo at inireresetang gamot na saklaw namin.

Magiging available ang Handbook ng Miyembro para sa 2023 sa Oktubre 15. Maaari mo ring suriin ang hiwalay na nai-mail na Handbook ng Miyembro upang malaman kung ang ibang benepisyo o mga pagbabago sa gastos ay nakakaapekto sa iyo. Ang updated na kopya ng Handbook ng Miyembro ay available sa aming website sa www.molinahealthcare.com/Medicare. Puwede rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahina para hilingin sa amin na padalhan kayo ng Handbook ng Miyembro para sa 2023.

Ang aming website

Puwede ninyong bisitahin ang aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Medicare. Bilang paalala, makikita sa aming website ang pinakanapapanahong impormasyon tungkol sa tagapagbigay ng serbisyo at parmasya na nasa network (*Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*) at ang aming Listahan ng Gamot (*Listahan ng Mga Saklaw na Gamot*).

G2. Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP)

Maaari din ninyong tawagan ang Programa ng Tulong sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (State Health Insurance Assistance Program o SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP). Makakatulong sa inyo ang mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang inyong mga mapagpipilian sa plano at masagot ang inyong mga tanong tungkol sa paglipat ng plano. Ang HICAP ay hindi konektado sa amin o sa alinmang kompanya ng seguro o planong pangkalusugan. Ang HICAP ay mayroong mga sinanay na tagapayo sa bawat county, at ang mga serbisyo ay libre. Ang numero ng telepono ng HICAP ay 1-800-434-0222 TTY 711. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/.



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

G3. Ombuds Program

Makakatulong sa inyo ang Health Consumer Alliance Ombuds Program kung may problema kayo sa aming plano. Libre at available sa lahat ng wika ang mga serbisyo ng ombudsman. Ang Health Consumer Alliance Ombuds Program ay:

- Kumikilos bilang tagapagtaguyod sa inyong ngalan. Masasagot nila ang inyong mga tanong kung mayroon kayong problema o reklamo, at matutulungan nila kayong maunawaan kung ano ang dapat gawin.
- Tinitiyak nitong nalalaman ninyo ang impormasyong nauugnay sa inyong mga karapatan at proteksyon at kung paano malulutas ang inyong mga alalahanin.
- Hindi ito konektado sa amin o sa alinmang kumpanya ng seguro o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono ng Health Consumer Alliance Ombuds Program ay 1-888-804-3536.

G4. Medicare

Para direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

Website ng Medicare

Maaari ninyong bisitahin ang website ng Medicare (www.medicare.gov). Kung gusto ninyong mag-disenroll sa aming plano at mag-enroll sa ibang Medicare na plano, naglalaman ang website ng Medicare ng impormasyon tungkol sa mga gastusin, saklaw, at rating ng kalidad para tulungan kayong magkumpara ng mga plano. Makakakita kayo ng impormasyon tungkol sa mga Medicare na plano na available sa inyong lugar sa pamamagitan ng paggamit ng Medicare Plan Finder sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa www.medicare.gov at mag-click sa “Find plans” [Hanapin ang mga plano])

Ang Medicare at Ikaw 2023

Maaari ninyong basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw 2023*. Bawat taon tuwing taglagas, ipinapadala ang booklet na ito sa mga taong may Medicare. Makakakita rito ng buod ng mga benepisyo, karapatan at proteksyon mula sa Medicare, at ng mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa Medicare. Available din ang handbook sa Espanyol, Chinese, at Vietnamese.

Kung wala kayong kopya ng booklet na ito, makukuha ninyo ito sa website ng Medicare (www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

G5. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care) ng California ang responsable sa pangangasiwa sa mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Makakatulong sa inyo ang DMHC Help Center sa mga apela at



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.

Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) TAUNANG PAUNAWA NG MGA PAGBABAGO PARA SA 2023

reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Kung may reklamo kayo laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna ninyong tawagan ang inyong planong pangkalusugan sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras at gamitin ang proseso ng karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Kahit gamitin ninyo ang proseso para sa karaingan na ito, hindi ipagkakait sa inyo ang anumang potensyal na legal na karapatan o remedyo na maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa karaingang nauugnay sa isang emergency, karaingang hindi kasiya-siyang naresolba ng inyong planong pangkalusugan, o karaingang hindi pa rin nareresolba pagkalipas ng mahigit 30 araw, maaari kayong tumawag sa Departamento para sa tulong. Maaari din kayong maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung kwalipikado kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pagpapasya na ginawa ng isang planong pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o panggagamot, mga pagpapasya sa saklaw para sa mga pang-eksperimento o sinisiyasat na panggagamot at hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa mga pang-emergency o agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (1-888-466-2219) at linya para sa TDD (1-877-688-9891) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na www.dmhc.ca.gov ay may mga form sa pagrereklamo, form ng aplikasyon sa IMR, at mga tagubilin online.

CAM16ACTL1122



Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Molina Medicare Complete Care Plus (HMO D-SNP) sa (855) 665-4627, TTY: 711, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com/Medicare.



CAS581016TL23